

1

“Ang resthouse sa Tagaytay ay inihahabilin ko kay Marlon...”

Sariwa pa sa isip ni Sophia ang sinabi ng abogadong si Atty. Guerrero nang basahin nito ang naiwang testamento ng kanyang yumaong ina, isang taon na ang nakakaraan. Habang tumatakbo ang kotse niya patungong Tagaytay ay patuloy namang gumigiit sa kanyang isip ang mga bagay na iyon. Taliwas sa kanyang inaasahan, halos lahat ng mga naiwan ng mama niya ay ipinagkatiwala nitong lahat sa nakatatanda niyang kapatid na si Marlon. Twenty-nine years old ang lalaki at siya naman ay twenty-five. Kung tutuusin ay kaya na niyang pangalagaan ang mga negosyong naiwan ng mga magulang, ngunit bakit sa kuya niya napunta lahat ng mga ito?

“Ang condominium sa Makati ay para naman kay Vanessa,” pagpapatuloy ng abogado. Si Vanessa ay ang pangalawa sa panganay, thirty-one, single at wala na yatang balak na mag-asawa pa. “Si Leandro ay pagkakalooban ko ng two hundred thousand pesos....” Si Leandro na panganay sa kanilang apat ay nakapag-asawa sa edad na twenty years old ng isang

babaeng nagbuhat sa mahirap na pamilya. Itinakwil ito ng kanyang ama at ina kaya kahit mahirap ang buhay ay hindi ito nagtangkang humingi ng tulong sa mga magulang nila. Ang akala nga nila ay hindi ito pamamanahan ng kanyang mama, ngunit suwerteng napagkalooban ito ng kahit maliit na halaga.

“Ang resthouse sa Palawan ay para kay Sophia pati na ang isang *BMW*.”

Nakakasama ng loob ang anunsyong iyon ni Atty. Guerrero. Ano ang mapapala niya sa nabubulok na bahay-bakasyunan sa napakalayong lugar na hindi naman nila malimit puntahan? Minsan ay binisita niya iyon at nalamang umalis na ang mga katiwala nila roon dahil hindi na napapasuweldo. Ang *BMW* naman ay dati pa niyang pag-aari dahil bigay ito sa kanya ng papa niya noong nabubuhay pa ito.

At ang pinakamasakit sa lahat ay ang mga huling salitang binitiwang ng abogado. “Ang mansion at ang lupang kinatitirikan nito ay mapupunta kay Marlon pati na ang mga kagamitan dito. Ang pera sa bangko na nagkakahalaga ng one million pesos ay paghahatian ng magkakapatid....”

Kahit kailan ay paborito talaga ng mama niya si Marlon. Ang kapatid niyang ito ay mahilig sa goodtime, mabisyo, irresponsable at arogante. Ang

rason ng kanyang mama, lalaki ito at magiging padre de pamilya kaya nararapat lamang na mapamanahan nang sapat para maitaguyod nito ang magiging pamilya pagdating ng araw. Ito rin ang kaisa-isang lalaki sa pamilya na pinagkakatiwalaan ng mama niya dahil nag-asawa nga nang maaga ang panganay nila kaya nararapat lamang daw na ito ang mangasiwa ng naiwang negosyo.

Kunsabagay, malambing si Marlon sa nasira nilang mga magulang. Nang mamatay ang papa niya sa sakit sa puso ay lalo itong naging malapit sa kanyang mama. Ito ang matiyagang kumakausap at umaalo sa mama niya noong panahong ipinagluluksa pa lamang nito ang pagkamatay ng kanyang papa. Si Leandro ay nasa piling ng asawa nito, si Vanessa ay abala sa mga sessions nito sa organisasyon ng mga single women—mga tumatandang dalaga—at si Sophia naman ay abala sa pag-aaral ng Business Administration.

Gusto niyang maging magaling na negosyante pagdating ng araw katulad ng papa niya kaya kahit tapos na siyang mag-aral ng apat na taon ay nag-masters pa siya. Hindi naman niya inakalang hindi sa kanya mapupunta ang employment agency ng kanyang mga magulang at hindi rin niya inasahang isang milyon na lang ang natitirang pera ng

kanyang mama sa bangko at paghahatian pa nilang magkakapatid. Saan siya kukuha ng mas malaking kapital para sa restaurant, boutique o mini-mart na gusto niyang ipatayo?

Sugarol kasi ang kanyang mama kaya alam niyang ang ibang pera at ari-arian na ipinundar ng papa niya ay naipatalo nito sa sugal. Nang maka-recover sa pagkawala ng papa niya ay nagbabad na ito sa casino. Minsan pa nga ay isinasama nito si Marlon doon. Kapag dumating sila sa bahay na masaya at nakangiti, tiyak na panalo ngunit kapag mainit ang ulo at iritable, iisa lang ang ibig sabihin— natalo nang malaki ang mga ito.

Napabuntunghininga nang malalim si Sophia. Hindi siya nakapag-almusal sa bahay kaya nagugutom na siya. Kung bakit kasi hindi pa siya ipinaghanda ng mababaon ng katulong nila. Siya ang taong tamad huminto sa mga restaurants o coffee shops sa daan. Gusto niya ay tuluy-tuloy ang biyahe para madaling makarating sa patutunguhan.

Ngunit dahil kumakalam na ang sikmura, wala siyang choice kundi ang iparada sa isang restaurant sa gilid ng highway ang kotse niya.

Black coffee lamang ang nakahain sa mesang kinauupuan ni Alvin de Castro sa restaurant na pinasukan ni Sophia. Kasalukuyang nagbabasa ng newspaper ang binata. Nang mag-angat ito ng paningin ay mukha ng isang magandang babae ang nakita nito—nakalugay ang tuwid at mahabang buhok niya, heart-shaped ang mukha, bilugan ang mga mata, matangkad, balingkinitan ang katawan at mestiza. Larawan siya ng babaeng nasa panaginip nito.

Parang may nag-udyok naman kay Sophia na sumulyap sa mesang kinaroroonan ni Alvin kaya nagkasalubong ang kanilang mga mata at sa di-maipaliwanag na dahilan ay may naramdamang kakaiba ang binata sa sarili.

“This way, Ma’am,” sabi ng waiter na sumalubong sa dalaga. Saka pa lamang naagaw ang pansin niya sa lalaking iyon. Iginiya siya ng waiter sa mesang malapit sa kinauupuan nito ngunit hindi na niya ito muling sinulyapan. Naalala niya ang kanyang boyfriend na si Eugene at napangiti siya.

Samantala, nakatutok pa rin sa kanya ang paningin ni Alvin nang tumunog ang cell phone nito. “O, Pare,” sabi nito na abot sa pandinig ni Sophia. Maginoo ang tinig nito at mukhang romantiko,

ngunit hindi niya maipagpapalit si Eugene kahit na kaninong guwapong makikita niya. “I’m Harold Ferrer’s business partner. He couldn’t make it today that’s why he asked me to meet with you instead,” patuloy na sabi nito sa kausap sa kabilang linya ng telepono. “I thought matatagalan ka pa kaya nag-coffee muna ako dito sa highway.” Sumulyap itong muli sa kanya, pagkuwa’y napangiti. “Medyo nag-e-enjoy pa ako, but since you’re in a hurry, patungo na ako diyan, okay?” Ibinaba nito ang cell phone sa mesa bago dumukot ng pera sa wallet at inilapag iyon. Tumayo ito at humakbang paalis kahit hindi pa gustong iwan ang magandang dalaga sa kalapit na mesa.

Hindi naiwasan ni Sophia ang sundan ng tingin ang papalabas na binata. Sadyang kapansin-pansin ang maskuladong pangangatawan nito sa suot na white polo shirt at khaki jeans. Sa tingin niya ay nasa 5’8” ang height nito, matangkad sa kanya ng dalawang inches. Mestizo ito at parang nakangiti ang mga mata. Nang makalabas ito ng restaurant ay napasulyap siya sa mesang inokupa nito at nakita niya ang cell phone na naiwan nito sa ibabaw ng mesa. Makaraan ang ilang sandaling pag-iisip ay dinampot niya ang cell phone at mabilis na hinabol si Alvin.

“Hey, Mister!” tawag niya, mabilis ang paglakad.

“Mister!”

Nakasakay na ito ng kotse at napaandar na iyon. Palibhasa sarado ang mga bintana, hindi na nito napansin ang humahabol na si Sophia.

“Mister!” ulit niya habang lumalapit sa kotse nito. Natigilan siya nang sa pag-atras ng sasakyan nito ay nahagip nito ang rear bumper ng kotse niya na nakaparada sa isang side ng parking area. “Oh, no!” malakas na sigaw niya.

Mukhang hindi naman nito napuna ang nagawang aksidente kaya pinaharurot na nito ang kotse sa highway.

“Hey, you!” Napalitan ng ngitngit ang hangarin niyang makatulong. “Come back here!” Ngunit malayo na ang sasakyan ni Alvin. “Mabangga ka sana!” sa inis ay naisigaw niya habang nakataas ang nakakuyom na kamay. Naiiyak na hinipu-hipo niya ang napiping bahagi ng kanyang kotse na tinamaan ng sasakyan ng binata.

Sa isang resthouse sa Tagaytay, sinalubong si Alvin ng isang mapormang lalaki na medyo chubby, matangkad at mestizo rin. Ito si Marlon, ang kapatid ni Sophia.

“Alvin,” nakangiting sabi nito ngunit may expression ng agam-agam ang mukha.

“Pare,” bati niya at nakipagkamay rito. “Sorry again for the delay. Tumawag sa akin si Harold para sabihing lunchtime ang usapan ninyo. Ipinagamit na niya sa akin ang cell phone niya para madali mo akong ma-contact.”

“He forgot to inform me na ikaw ang pupunta dito,” sabi nito.

“Pasensya ka na’t busy kasi siya.”

Iginigiya na siya ni Marlon sa loob “Well, pamana ’to sa akin ng Mama,” sabi nito kasabay ng paggala ng paningin sa kabuuan ng may kalakihang resthouse. “Malaki na ang natatalo sa akin nang gabing nasa casino kami ni Harold. Nabigla ako nang sabihin kong ipinupusta ko ang titulo ng resthouse na ito.”

Makahulugang tingin ang ipinukol niya sa lalaki. “Hmm... labas na ako sa usapan n’yo ni Harold,” aniya. “Pero kung hindi mo gustong mawala sa ’yo ito, I’m willing to talk to him about it. Baka sakaling magbago ang isip niyang kunin ang bahay na ito.”

“C’mon, Alvin.” Mapakla ang ngiti nito. “Parang hindi mo kilala si Harold Ferrer. Hindi na ito pakakawalan pa ng kasosyo mo. I know that man.”

Hilig niyang gipitin ang mga natatalo niya sa sugal.”

“I’m sorry to hear that,” pormal niyang sabi at humakbang patungo sa pangalawang palapag ng bahay.

“Puwede pa naman akong magpatayo ng resthouse dito kung gugustuhin ko,” sabi ng nakasunod na si Marlon. “Pero hindi ko hilig magbakasyon sa isang boring na lugar na katulad nito. I prefer going abroad.”

“I like it here,” sabi niya.

“Mas maganda kung kasama mo ang girlfriend mo,” napangiting suhestyon nito.

“Sad to say, she’s in U.S. right now,” aniya. “May inaasikasong negosyo ang parents niya doon.”

“Oh!” Napatampal ito sa noo. “Well, that’s not a problem kung gusto mo talaga ng may kasamang magbabakasyon dito. I know a lot of women na hindi tatanggi sa isang Alvin de Castro.”

“Kung sana’y iyong babaeng nakita ko sa restaurant kanina,” bulong niya sa sarili.

“Pardon?”

“Ha? I said, okay lang akong nag-iisa dito,”

napabuntung-hiningang sagot niya. “Mabuti nga’t tahimik. Masyado na rin akong napi-pressure sa opisina.”

“If that’s what you wish.”

Matagal na nakaupo si Sophia sa loob ng kotse na nakaparada sa tapat ng resthouse habang matamang pinag-iisipan kung tutuloy sa loob o aalis na at babalik ng Maynila.

Naalala na naman niya si Marlon. Hindi pa rin niya matanggap na rito mapupunta ang bahay-bakasyunan na iyon samantalang hindi naman ito malimit pumunta roon. Alam ng mama niya sa simula pa lamang na siya ang mahilig magtungo sa Tagaytay para mag-golf. Ang buong akala nga niya ay sa kanya iyon ipagkakaloob ng ina.

Minabuti niyang tumuloy na sa loob makaraan ang ilang sandaling pag-iisip. Nasa aktong bubuksan na niya ang front door nang mamataan ang *Volvo* na nakaparada sa garahe. Nakuha niya ang license plate nito kanina at hindi siya puwedeng magkamali. Ang sasakyang ito ang nakadisgrasya sa kotse niya!

Nagpupuyos sa galit na mabilis niyang binuksan ang pinto. Walang tao sa living room kaya tumuloy

siya sa dining area, sa likod-bahay at sa garden. Nang wala pa ring makita roon ay pumanhik na siya sa hagdan. Magkausap pa rin sina Alvin at Marlon na nasa veranda. Walang sabi-sabing dinaluhong niya ng sampal ang una na namukhaan niya kaagad.

“Hey!” nagulat na sabi ng kapatid habang sapo ng bisita ang bahagi ng pisngi na tinamaan ng sampal.

“Binangga ng lalaking ’yan ang kotse ko!” naniningkit ang mga matang akusa niya.

“What!” di-makapaniwalang bulalas ni Alvin.

“Sa restaurant. Don’t tell me hindi mo alam!”

“I’m sorry, pero talagang hindi.” Mahinahon pa rin ito, may nakaguhit na ngiti sa mga labi at nakakatunaw ang pagtitig sa kanya.

“Liar!” sigaw niya.

“Sophia, stop it!” matigas ang tinig na awat ni Marlon.

“What is that man doing here?” baling niya sa kapatid.

“I’m selling the resthouse to his business partner,” mahinang sagot nito, sabay talikod.

“You what!” Lalong lumakas ang boses niya.

“I’m selling this resthouse!” pasigaw na ulit nito.

“Marlon, may sentimental value ito sa Mama’t Papa,” mariing paalala niya sa nakatatandang kapatid. Doon malimit magbakasyon ang mga magulang nila noong nabubuhay pa ang mga ito.

“I know,” sagot nito habang sinisindihan ng lighter ang sigarilyo. “I don’t have a choice but to sell it. Besides, puwede naman tayong magpatayo ng bago at mas magandang rest—”

“Hayup ka talaga!” Pinagsusuntok niya ito sa dibdib bago pa man nito natapos ang mga sinasabi. “Kung nabubuhay ang Mama’t Papa, hindi nila ipagbibili sa kahit na sinong tao ang resthouse na ’to. Maski na sa mayabang na lalaking ’yan!” Idinuro niya ang napakislot na si Alvin. Tahimik lamang itong nakamasid sa nagtatalong magkapatid.

“Ibinigay ito ni Mama sa akin kaya may karapatan akong magdesisyon sa kung ano’ng gusto kong mangyari dito,” mariing paalala ni Marlon. “I’m selling it and that’s final.”

Nahihikbing tumalikod at humalukipkip si Sophia, pagkuwa’y muling humarap sa kapatid. “I doubt na ipagbibili mo ito,” aniya sa mas mahinang boses. “Kilala kita, Marlon. Naipusta mo na naman

ito sa sugal at natalo ka. Ito lang naman ang palagi mong ipinampupusta palibhasa wala itong halaga sa 'yo."

"So what?" Bumuga ito ng usok. "Malas mo lang at hindi ito napunta sa 'yo. You keep on coming here without even asking permission from me. At ngayon, nandito ka na naman at gusto mo pa akong pakialaman? Ba't hindi na lang ang nabubulok mong resthouse sa Palawan ang ayusin mo at nang may napupuntahan ka sa oras na may lovers' quarrel kayo ng boyfriend mo?" Ngumisi ito. Alam kasi nitong may tampuhan sila ni Eugene.

"Because I love this place." Pumiyok ang boses niya sa matinding frustration. "Nagkamali lang si Mama at sa 'yo niya ito ipinagkatiwala." Nangngingitngit na tinalikuran niya ito at tinawag ang mga katiwala roon.

"Pinaalis ko na sila," sabi ni Marlon.

Bigla siyang humarap dito. "Matagal na silang naninilbihan sa pamilya natin para palayasin mo sila!" Tuluyan nang umakyat ang dugo sa kanyang ulo. Pasalamat ito at wala siyang hawak na matalim na bagay, kung hindi ay baka napatay na niya ito.

"Puwes, we don't need them anymore." Lumapit

ito kay Alvin. “By the way, this is my spoiled sister,” nakangiting pagpapakilala nito kay Sophia. “So, kailan mo balak na magbakasyon dito?”

“Well, I can stay here now if that’s okay with you,” nakangiting sagot ng bisita, sabay sulyap sa nakasimangot na dalaga. “Ugali kong magbitbit ng gamit kahit saan ako magpunta, in case of emergency.”

“I see,” tatangu-tangong saad ni Marlon. “So, iwan ka na namin? Isasabay ko na ang kapatid ko’t baka kung ano pang pang-eeskandalo ang gawin dito.”

“Thanks, but no thanks,” nanunuyang sabad ni Sophia. “Dala ko ang kotse ko.” Sa pagkakabanggit sa sasakyan ay naalala na naman niya ang nangyari sa restaurant. “At hoy, Lalaki, hindi pa tayo tapos!” inis na baling niya kay Alvin. “Ano, ipapaayos mo ba ang sasakyan ko o idedemanda kita?”

“Para doon lang?” naiiling na sabi nito. “All right, ako na ang bahala sa kotse mo.” At tumalikod na ito.

“And how can I be sure na tutupad ka sa usapan?” habol niya rito. Nawala na sa kanyang isip ang naiwan nitong cellular phone na nasa kotse niya ngayon.

Nagulat siya nang iabot nito ang isang calling card sa kanya. “These are my contact numbers. It’s

up to you kung tatawagan mo ako o hindi.” Iyon lang at tuluy-tuloy na itong pumanaog ng hagdan.

“He’s a rich man,” sabi ni Marlon nang mapag-isa sila ng kapatid sa itaas.

“Hindi ko tinatanong,” irap niya, pagkuwa’y iniwan ito. Napailing na lang ito. Iniwanan rin niya ng matalim na tingin si Alvin na nababaan niyang nakaupo.

“Take care,” nakangiting pahabol na sabi nito.

Taas-noo lang siyang nagtuluy-tuloy sa pag-alis.

Pabalik na si Sophia sa Maynila ay nagngingitngit pa rin siya sa sobrang pagkainis kina Alvin at Marlon. Kaya pala atubili siya kaninang papunta pa lamang doon ay dahil iyon na ang magiging huling pagtuntong niya sa resthouse nila sa Tagaytay. Iba na pala ang magmamay-ari niyon.

Ipinarada niya sa gilid ng daan ang sasakyan upang pakalmahin ang sarili. Baka maaksidente lang siya kapag itinuluy-tuloy niya ang pagmamaneho. Humungko siya sa manibela at humikbi. Sa pag-angat ng kanyang ulo ay namataan niya ang cell phone ni Alvin sa dashboard.

2

Nagpalipas ng sama ng loob si Sophia sa art gallery ng kaibigan niyang si Nanette pagkagaling sa Tagaytay.

“Sinasabi ko na nga ba’t may susunod na namang kabulastugang gagawin ’yang kapatid mo, eh,” sabi nito nang ikuwento niya ang nangyari. Nakadekuwatro ito sa sofa habang pinagmamasdan naman niya ang mga bagong paintings sa shop. “Pati tuloy ang sasakyan mo ay nadisgrasya ng kung sino.”

“Business partner daw ng bagong may-ari ng resthouse,” buntunghininga niya.

“So, ano’ng plano mo ngayon?” tanong nito. “Sinabi ko na kasing samahan mo na lang ako sa pag-aasikaso ng shop ko. Puwede kang makipagsosyo sa akin kung gusto mo.”

“Di ba sabi ko sa iyo, restaurant ang gusto ko?”

“Pero ayaw mo namang humingi ng capital kay Marlon.”

Tutop ang noong naupo siya sa tabi ng kaibigan. “Honestly, hindi ko na alam ang gagawin ko. Pagkatapos ng resthouse, hindi ko alam kung ano pa

ang susunod na ipatatalo ni Marlon sa sugal. Hindi ko nga alam kung naaasikaso niyang mabuti ang employment agency. Ni ayaw niya akong bigyan ng kahit maliit na posisyon doon.”

“Dahil nga ayaw niyang masilip mo ang mga kalokohang pinaggagagawa niya,” sabi nito.

“Unfair si Mama,” di-sinasadya ay nasabi niya kahit hindi gustong sisihin pa ang nasirang magulang. “Akala ko, matutupad na ang mga pangarap ko. Akala ko....” Isinubsob niya ang mukha sa mga palad saka humikbi.

“Tama na nga ’yan,” alo nito habang hinahagod ang likod niya. “One year nang wala ang mama mo pero hindi mo pa rin nakakalimutan ang mga nangyari.”

“Paano ako magiging katulad ng papa ko kung wala akong pera, Nanette?” garalgal ang tinig na tanong niya. “At paano na kaming lahat kapag nalustay ni Marlon ang iba pang ari-arian namin? Wala akong tiwala sa lalaking ’yon. Wala talaga!” Lumakas ang paghikbi niya.

Napabuntunghininga ito nang malalim. “I don’t know how I can be of help to you,” anito. “Ayaw mo namang makipagsosyo sa akin. At tinanggihan mo

ang pinahihiram na pera ni Mommy.”

“Ayokong mabaon sa utang,” harap niya sa kaibigan. “Paano kapag nalugi ang negosyong ipinatayo ko? The next thing your parents would probably do is lend me money again para makabawi ako at mabayaran ko sila. Pero paano kung malugi ulit ako?”

“Wala ka bang tiwala sa sarili mo? Nag-aral ka nang mabuti para maging magaling na businesswoman, remember?”

“Yeah, pero paano ko malalamang kaya ko kung wala pa akong napapatunayan? Mahirap sumugal sa isang negosyo, you know that.”

“Hay naku, Sophia!” napatayong sabi ni Nanette. “Hindi ko alam kung ano ang gusto mong mangyari.”

“I want my parents’ business, the restaurant, the resthouse in Tagaytay, the mansion,” depressed niyang sabi.

Napailing ito. “You don’t listen to my suggestions, Sophia. Kausapin mo na lang ang boyfriend mo dahil ang lalaking ’yon lang naman ang nakakapagpangiti sa ’yo.”

“Nag-out-of-town si Eugene,” pormal niyang

tugon. “Nagbakasyon sa ibang lugar.”

“Well, that’s because nag-away na naman kayo,” saad nito. “Pareho kasi kayong mahirap maintindihan, eh.”

Dumerecho na sa bahay nila si Sophia pagkatapos magpalipas ng oras sa shop ni Nanette. Gumagabi na at katulad ng dapat asahan, maraming kababaihan na naman ang nagkakatuwaan sa maluwang na living room nila. Iyon ay mga miyembro ng organisasyong kinabibilangan ng Ate Vanessa niya—ang *Happy Single Women*, samahan ng mga tumatandang dalaga.

“Hi, Sophia,” pagbati ng isa sa mga ito.

Nagtuluy-tuloy siya sa hagdan na hindi man lamang pinapansin ang mga ito.

“Si Sungit,” komento ng isang babae. “Talo pa tayong malapit nang mag-menopause.” Natawa ito.

Huminto siya at inis na humarap sa mga ito. “You know what your problem is?” aniya. “Wala kayong magawa sa mga buhay ninyo. You should think of more productive activities than just sitting there, chatting the whole night.”

“Sophia!” tigas na saway ni Vanessa. Aristokrata

ang hitsura nito, maganda, nakasalamin at parating nakapusod ang mahabang buhok.

Mabilis niyang ipinagpatuloy ang pagpanhik sa hagdan. Yamot na sumunod ang kapatid hanggang sa kuwarto niya.

“Ano’ng gusto mong palabasin, ha?” tanong nito.

“Naiirita ako whenever I see your friends here, Ate,” sagot niya habang nakatalikod dito. Inihagis niya sa kama ang cell phone ng business partner ni Alvin. “Wala ba kayong ibang puwedeng gawin maliban sa magkuwentuhan, magtawanan at magsaya? Kung talagang tamad kayong magtrabaho, why not join a religious organization or something para naman may magawa kayong mabuti?”

“Look who’s talking,” nakapamaywang na sabi nito. “At sino’ng may ipinagmamalaking trabaho sa ating dalawa, ha?”

“Wala akong trabaho dahil gusto kong magnegosyo pero wala akong pera,” malakas na sagot niya. “Gusto kong magtrabaho sa agency natin pero ayaw ni Marlon. For your information, one of these days, magkakaroon na ako ng trabaho dahil marami na akong kompanyang pinag-apply-an. Eh, ikaw? Dahil malakas ka kay Marlon, binigyan ka niya

ng mataas na posisyon sa kompanya pero wala ka namang ginagawa. Isang oras ka pa lang nakakapag-stay sa opisina, nabo-bore ka na.”

“Naiinggit ka lang dahil hindi ka masaya!” singhal nito. “Naiinggit ka dahil ang pamanang inaasahan mo’y hindi napunta sa ’yo. Bakit, pareho lang naman tayo, ah!”

“May concern lang ako sa mga naiwan ng Mama’t Papa kaya ako nagkakaganito,” paliwanag niya. “Palibhasa close kayo ni Marlon kaya pikit-mata mong tinatanggap ang mga kalokohan at kapabayaang niya. Palibhasa sinusustentuhan niya ang mga luho mo pati na ang organisasyon mo.”

“Palibhasa war kayo ng boyfriend mo,” nang-iinis na dugtong nito. “Palibhasa, walang maibigay ’yang boyfriend mo kundi sakit ng ulo kaya pati ang mga tao dito sa bahay ay pinag-iinitan mo. O, ano, nakatulong ba sa ’yo ang Eugene na ’yon? ’Ayun, lumipad ng Cebu para magliwaliw.”

“Nakialam na naman kayo sa buhay ng may buhay.” Natitiyak niyang pinamamanmanan nina Vanessa at Marlon si Eugene dahil hindi boto ang mga ito sa kanyang nobyo.

“Nag-aalala lang kami sa future mo sa lalaking

'yon at kami pa pala ang masama." Namumula na ang mukha nito sa galit. "Ano'ng mapapala mo sa isang lalaking nagmula sa pamilyang may mga naluging negosyo? Ni katiting na asset ay wala na ang lalaking 'yon."

"Mind your own business!" singhal niya. "Wala na kayong nakikita ni Marlon kundi ako. Well, look at yourself. Ilang lalaki na ang nang-iwan sa 'yo dahil walang direksyon ang buhay mo; possessive ka pa. Pati ang lalaking may-asawa, gusto mong angkinin. Kaya ngayong wala nang lalaking nagtitiyaga sa 'yo, nagkukunwari kang masaya sa isang walang kuwentang association."

"How dare you!" Isang malakas na sampal ang pinadapo nito sa pisngi niya. Nag-akma siyang gaganti. "Sige, ituloy mo!"

Inis na tinalikuran na lamang niya ito at pumasok ng banyo.

"I tell you, Sophia, hiwalayan mo na ang Eugene na 'yon!" nanggigigil pa rin sa inis na sabi ni Vanessa sa labas ng nakasarang pinto ng banyo. "Maghanap ka ng mayamang lalaki. 'Yong lalaking maipagmamalaki mo."

"Sabihin mo 'yan sa sarili mo!" pasigaw na sagot

niya.

Paglabas niya ng bathroom ay wala na ang kapatid sa silid. Noon nag-ring ang cell phone.

“So, how was the resthouse?”

Hindi pa man nakakapagsalita si Sophia ay narinig na niya ang tanong ng isang lalaki sa kabilang linya. “What resthouse?” kunot-noong tanong niya.

“Who is this?” takang usisa nito.

“And who is *this*?” balik-tanong niya.

“This is Harold Ferrer, Alvin de Castro’s friend and business partner,” tugon nito. “Bakit nasa iyo ang cell phone ko?”

Natigilan siya. “Oh, well... naiwan ito sa restaurant ng careless na kaibigan mo,” mataray na paliwanag niya.

“Really?” May amusement sa tinig nito. “Siguro’y sinadya niya iyon para magkakilala tayo, Miss...?”

“I don’t give my name to strangers.” Mukhang babaero pa yata ang business partner ni Alvin, naisip niya.

“Oh, I understand,” ngisi nito. “You can keep that cell phone for as long as you want, Lady, so I can

always hear your sweet voice. Sa boses mo pa lang ay nahuhulaan ko nang you're a very lovely woman.”

“I'm sorry, pero wala akong oras makipagbolahan,” naiirita niyang sabi. “Don't worry, this cell phone will be returned to you as soon as I get the chance to meet your friend again.”

“Bakit hindi na lang tayo ang magkita para—”

Pinindot na niya ang 'end' button ng cellphone. Mabuti naman at hindi na nangulit ang lalaki.

Hindi sinunod ni Alvin ang sinabi niya kay Marlon na magpapaumaga siya sa resthouse. Bukod sa walang katulong doon ay may naghihintay pang mga papeles sa opisina na kailangan niyang pirmahan. Napilit lamang siya ni Harold, ang kasosyo niya sa telecommunications company at anak ng matalik na kaibigan ng kanyang papa, na siyang kumilatis sa resthouse na ipinatalo rito ni Marlon sa casino.

Habang nagmamaneho siya pabalik ng Maynila ay larawan ni Sophia ang parang nakikita niya sa daan. May nakuha siyang litrato nito sa resthouse na hindi niya napigilang ibulsa kaya mas lalong hindi ito mawala sa kanyang isip.

Naputol ang pag-iisip niya nang tumunog ang kanyang cell phone.

“Hello, Alvin,” bungad ni Harold sa kabilang linya.

“Harold,” sambit niya, sabay hagilap sa naalalang cell phone ng lalaki ngunit wala iyon sa kotse.

“Bakit nasa isang babae ang cell phone ko?” tanong nito. “Naiwan mo raw sa restaurant?”

Napatampal siya sa noo. “Oh!” At gumiit sa isip niyang iyon ay dahil kay Sophia. “Nakuha mo ba ang pangalan at phone number ng babae?”

“No, but she promised to give it back as soon as she gets the chance to,” sagot nito. “Problema na niya kung paano.”

May kasalong babae sa hapunan si Harold nang maratnan ni Alvin kinagabihan sa mansion nito sa *Corinthian Gardens*.

“Alvin, tamang-tama ang dating mo,” sabi nito. “Come and join us.”

Naupo siya habang nakatingin sa babae. Maganda at batambata pa ito.

“Charmaine, this is Alvin, my business partner,” akbay ng kaibigan sa kanya.

“Really?” nakangiting tanong nito. “Kaya pala pareho kayong magandang lalaki.”

“Mas matino nga lang ito kaysa sa akin,” nakatawang dugtong ni Harold. “Palibhasa masyadong workaholic kaya nawawalan na ng oras sa kasayahan.”

“Well, hindi bagay sa kanya,” nailing na komento ni Charmaine. “Guwapo siya at tiyak na maraming naghahabol na babae sa kanya.”

“Anyway, Alvin,” baling nito sa kanya, “this is Charmaine, my new secretary.”

“Hi,” pormal na bati niya.

Isang bagong secretary, isang bagong babae ng kasosyo niya sa *Syscom Company*. Mayaman si Harold, magandang lalaki at magaling magsalita. Hindi niya masisisi ang mga babae na lumapit dito, ngunit kailanman ay hindi niya nagustuhan ang paglalarong ginagawa nito sa bawat babaeng maibigan. Marami na itong iniwan at pinaiyak matapos nitong makuha ang gusto. Alam niyang si Charmaine ay malapit nang mapabilang sa mga babaeng iyon.

Katulad niya ay maaga itong naulila sa mga

magulang at dito naiwan ang lahat ng kayamanan ng pamilya. Habang lumilipas ang mga araw ay lalo pang nadaragdagan ang yaman nito. At ngayon, sa isang iglap ay nagkaroon pa ito ng isang resthouse nang dahil lamang sa sugal. Hindi naman siya patatalo rito kung yaman lamang ang pag-uusapan. Ipinamana sa kanya ng papa niya ang lahat ng ari-arian at mga negosyo nito bago ito namatay sa sakit na cancer. Ang *Syscom Company* ay dating pinagsososyohan din ng kanilang mga ama na ipinagpatuloy lamang nila.

“You’re such a handsome guy,” maarteng komento ni Charmaine.

Hindi pinansin ni Alvin ang sinabi nito. “Excuse me,” pagkuwa’y paalam niya. “Marami pa pala akong gagawin sa bahay. Thank you sa invitation, Pare, pero kumain na ako,” pagsisinungaling niya bago tumayo at iniwan ang mga ito. Napadaan lamang siya upang balitaan si Harold tungkol sa babaeng nakilala niya sa Tagaytay, ngunit alam niyang kapag may kasama itong babae ay hindi siya nito pagtutuunan ng atensyon.

“Suplado pala ang business partner mo,” komento ng babae.

“Huwag mo siyang pansinin,” nakangiting sagot ni Harold. “Masyado kasi niyang sineseryoso ang

problema sa trabaho. So, Charmaine, ano na nga ba 'yong gusto mong ipabili sa akin?" narinig pa ni Alvin na tanong nito sa secretary.

"House and lot, Harold."

"No problem," anito, "basta ba't puwede akong tumira doon."

"Of course," nakatawang sagot ng babae.

3

Sa tuwing nakikita ni Sophia ang napiping bahagi ng *BMW*, naaalala niya si Alvin at kasunod niyon ay sobra siyang naiirita. May ilang araw na ang nakakaraan, ngunit wala siyang narinig mula sa binata gayung alam niyang may contact numbers ito ni Marlon. Naubos na ang perang nakuha niya sa pamana ng ina dahil sa kanyang pang-araw-araw na gastusin. Ni isa sa mga pinag-apply-an niyang kompanya ay wala pang tumatawag sa kanya. Kahit galit kay Marlon, minsan ay tinatanggap din niya ang perang iniaabot nito. Kung sana ay naisipan niya kaagad na magtrabaho sa iba kaysa umasang makakatulong siya sa kapatid sa pagpapatakbo ng employment agency o makakapagpatayo ng sariling negosyo niya.

Mula sa garahe ay nagtungo ang dalaga sa porch, bitbit ang kanyang cell phone at calling card ni Alvin. “Hello, Mr. de Castro please?” sabi niya nang tumunog ang cell phone nito.

“What a voice,” narinig niyang tugon nito. Nabosesan kaagad siya ng binata dahil sa mataray niyang boses. Ang totoo ay noon pa nito inaasahan ang kanyang tawag Noon pa rin siya nito gustong

tawagan o puntahan sa bahay, ngunit nagpigil ito dahil alam nitong tatarayan lamang niya ito. Ngunit kung sa loob ng dalawa o tatlong linggo ay hindi siya tumawag, plano nitong ito na ang gagawa ng hakbang.

“Is this Mr. Alvin de Castro?” tanong niya.

“Yes, what can I do for you Miss...?”

“Hoy, adelantadong lalaki, hindi pa tayo tapos, ha!” malakas na sabi niya.

“I know.” Napangiting sumandal si Alvin sa upuan nito at pinaikut-ikot sa isang kamay ang hawak na sign pen. Kasalukuyan itong nasa opisina nito sa *Syscom Company*. Ito ang tumatayong presidente at si Harold ang chairman of the board. “So, kailan mo gustong magkita tayo at kumain sa labas?”

“Hindi tayo magkikita para lang kumain sa labas, okay?” uminit kaagad ang ulo na pagwawasto niya. “Ikaw ang nakadisgrasya sa kotse ko kaya dapat lang na ikaw ang gumastos sa pagpapaayos n'on.”

“I told you, walang problema sa akin 'yon,” anito. “So, kailan ka puwede?”

“Why don't you just give me the amount I need para matapos na ang usapan? Ako na ang bahalang

magpaayos ng sasakyan ko,” napipikang sabi niya.

Natawa ito sa kaprangkahan niya. “Are you always this irritable?”

“Look, Mister,” nakapamaywang na sabi ni Sophia, “ang gusto ko lang ay maayos ang sasakyan ko na regalo pa sa akin ng papa ko. Hindi ko na nga makaya ang maintenance nito, binigyan mo pa ako ng problema. Kung ako nga’y ingat na ingat sa sasakyan ko, eh. Ni ayaw ko itong ipagamit sa maski na sinong tao; maski na sa mga kapatid ko.

“At alam mo ba, naiirita akong lalo kapag nakikita ko ang yupi nito, nakakainis! Kaya tandaan mo, habang may damage ang kotse ko, hindi kita titigilan. Ipapupulis kita, idedemanda, ipapa....” Natigilan siya nang matahimik sa kabilang linya. Mukhang wala na ang kausap niya. “Hello,” sabi niya pagkatapos ng sandaling pakikiramdam. Tahimik pa rin. “Hello,” malakas na ulit niya.

“I’m still here,” natatawang sagot ni Alvin.

“Ba’t hindi ka sumasagot?” pagtataray pa rin niya.

“Sorry, hindi kita agad narinig,” tugon nito. “Inilayo ko sa tainga ko ang telepono dahil nakakabingi ang boses mo. Ganoon man, maganda pa rin ang tinig

mo.”

“Pareho kayong bolero ng kasosyo mo,” wala sa loob na nasabi niya.

“Kilala mo si Harold?” gulat na tanong nito. “Are you one of his—”

“Excuse me, ha!” nakataas-kilay na putol niya sa nais sabihin nito. “Tiyak kong babaero ang lalaking ’yon pero *hindi* ako isa sa mga babae niya! Puwede ba, magkita na tayo para maibalik ko na ang cell phone ng business partner mo,” yamot na saad niya.

“You mean you have Harold’s cell phone?” di-makapaniwalang tanong nito.

“Oo, dahil careless ka!”

“Wow, I can’t believe this!” nasiyahang bulalas nito. “Ang mabuti pa’y pupuntahan na lang kita sa inyo. Alam ko na ang address mo. Okay, ’bye.”

“Hey—”

Pinindot na ng binata ang ‘end’ button ng cell phone. Napabuntunghininga na lang nang malalim si Sophia.

Kinahapunan sa mansion ng mga Torres,

nakangiting bumungad si Vanessa sa living room, dala ang tray ng juice. Nakaupo sa sofa si Alvin habang hinihintay ang pagdating ni Sophia na ayon sa kapatid nito ay pumunta sa shop ni Nanette.

“Darating na ’yon,” sabi nito nang makaupo. “Gan’on naman ’yon, eh, iistambay nang ilang sandali sa bahay ng kaibigan niya ’tapos uuwi din kaagad.”

Uminom ng juice ang binata. “Mmm... perfect,” aniya nang malasahan ang tinimpla nito.

“I made that especially for you,” nakangiting sabi nito. “So, ikaw pala si Alvin. Naikuwento ka na sa akin ni Marlon. Nakakalaro kasi niya ang kasosyo mo sa casino. Nasabi na rin niya sa aking napanalunan ni Harold Ferrer ang resthouse namin sa Tagaytay.” Natawa ito.

“Yeah,” ganting pagtawa niya. “Lagi kong pinagbabawalang mag-casino si Harold pero ayaw papigil.”

“Ikaw naman,” sagot nito, “minsan lang makakapag-relax ang kaibigan mo. I heard he’s a good businessman. I believe he runs a telecommunications company?”

“Yeah, with me as the president.”

“Oh, Marlon forgot to mention that. So, ano na nga ba ang sadya mo kay Sophia?”

“She has Harold’s cell phone with her.” Isinalaysay niya ang nangyari, pati na ang kompromisong nagawa sa kotse ni Sophia. Natawa lang si Vanessa.

“Ako na ang humihingi ng dispensa sa katarayan ng kapatid ko,” pagkuwa’y paumanhin nito. “Single pa ’yon just like me. Pero wala na akong balak na mag-asawa pa. Right now, busy ako sa itinatag kong association ng mga single women.”

“Sounds interesting,” napangiting komento ni Alvin. “Hmm... may boyfriend na ba si Sophia?” pagkuwa’y pagbabalik niya ng usapan sa dalaga.

“Wala,” pagsisinungaling nito. “Kaya kung type mo siya, pabor akong ligawan mo siya,” dugtong na biro nito. “Magkakasundo tayo, Alvin. Maski na kay Marlon ay wala kang magiging problema.”

Bumungad si Sophia sa front door.

“Here she is!” bulalas ni Vanessa na nagulat pa sa biglang pagsulpot ng kapatid.

Tuluy-tuloy sa itaas ang dalaga at nang bumaba ay bitbit na niya ang cell phone ni Harold. “O, ’ayan ang cell phone ng kaibigan mo,” abot niya rito kay

Alvin.

“Thanks,” ngiti nito habang tinatanggap iyon. “So, ’yon lang ’yon? Dapat na ba akong umalis?” pabirong tanong nito.

“Bahala ka kung ano ang gusto mong gawin.” Mabilis na siyang tumalikod patungo sa hagdan ngunit kaagad ding bumalik sa harap nito. “Ang problema ng kotse ko?” paalala niya.

“Akala ko’y nakalimutan mo na ang tungkol doon.” Binuklat nito ang dalang checkbook at nagtala ng halaga bago pinirmahan saka iniabot sa kanya.

Si Vanessa ang unang tumanggap niyon. “Wow! Ganito kalaking halaga ang ibibigay mong pampaayos ng kotse ni Sophia?” di-makapaniwalang tanong nito.

Hinalbot niya ang tseke at siya man ay nagulat sa nakita. Natitigilang napatingin siya kay Alvin ngunit walang masabi.

“I have to go now,” paalam nito habang tumatayo. “I still have an appointment at seven. Good day, Miss Vanessa.” Masuyong hinagkan nito ang kamay ng nakangiting babae. “And Sophia—”

Tinabig niya ang kamay ng binata nang akmang hahagkan din nito ang kanyang kamay. Nagkibit-

balikat ito bago inayos ang kuwelyo ng polo saka lumabas ng mansion.

“He’s so adorable,” buong paghangang puri ni Vanessa nang makaalis si Alvin.

“Lahat naman ng may pera, adorable para sa ’yo,” asik niya saka ito mabilis na tinalikuran.

Nag-ring ang cell phone ni Alvin nang tumatakbo na ang kotse niya.

“Hello, Honey.”

“C-Camille.” Hindi niya maipaliwanag ang kabang dumapo sa kanyang dibdib nang marinig ang tinig ng girlfriend niyang kasalukuyang nasa Amerika.

“Guess what, I’ll be coming home next month!” excited na balita nito. “I’ll be staying in Manila for good dahil ibinigay na sa akin nina Daddy at Mommy ang mga naiwan nilang negosyo diyan.”

“I’m glad to hear that, Honey,” malamig na sabi niya. Parang hindi na siya na-e-excite na makita ang kasintahan. Umalis ito at sumunod sa mga magulang sa States nang hindi man lamang nagpapaalam sa kanya dahil tiyak naman daw na hindi niya ito

papayagan. Ang sabi nito ay three months lang itong mawawala, ngunit mag-iisang taon na ngayon buhat nang umalis ito. Noong una ay halos araw-araw itong tumatawag, ngunit nang maglaon ay dumalang iyon nang dumalang hanggang sa isang beses na lang sa isang buwan kung marinig niya ang boses nito.

Nanabik siya at naghintay hanggang sa unti-unti ay nawalan siya ng pag-asang babalik pa ito. At simula nang makita niya ang magandang mukha ni Sophia ay tuluyang naglaho ang pananabik niyang makita ang nobya.

“Ba’t parang hindi ka yata natutuwa?” tanong nito nang maramdaman ang panlalamig ng boses niya.

“Galing lang ako sa opisina,” katuwiran niya. “I’m tired and sleepy, all right?”

“Don’t worry, magbabakasyon tayo pag-uwi ko diyan,” anito.

“Bye, Honey.” Pinatay na ni Alvin ang cell phone. Muling gumiiit sa isip niya si Sophia.

Kausap ni Sophia si Eugene sa telepono sa kuwarto niya nang gabing iyon.

“Mabuti naman at naisipan mo pang tumawag?” may pagdaramdam na sabi niya.

“I missed you, Sweetheart,” sagot nito. Malaki ang tinig nito; minsan ay aakalain ng sinuman na galit ito dahil sa boses nito. “Mas mag-e-enjoy sana ako ngayon kung naririto ka. Ikaw kasi, nagalit ka kaagad dahil lamang sa isang babae na wala namang relasyon sa akin. Sa inis ko tuloy, bigla akong napasama sa kaibigan ko papunta dito.”

“Malay ko ba kung ang kaibigang ’yan na sinasabi mo ay ang babae mo,” aniya. “Para kang si Marlon, babaero.”

“Puwede ba, Sophia, don’t compare me to your brother,” pormal na sabi nito. “At saka huwag na huwag mong babanggitin ’yon sa usapan natin. Alam mo namang mainit ang dugo n’on sa akin at pati na ang Ate Vanessa mo kaya mainit din ang dugo ko sa kanila.”

“Please come home, Sweetheart.” Lumambot na ang boses niya. Tama si Nanette; tanging ang lalaking ito lang ang nakakapagpangiti sa kanya. “Please?”

“All right, Sweetheart,” sagot nito. “Ano’ng gusto mong pasalubong?”

“Kahit wala na basta’t makita lang kita. I love

you.”

“I love you, too, Honey.”

Nang magpaalam si Eugene ay nag-iisip na naupo siya sa kama at pinagmasdan ang tseke na ibinigay ni Alvin kanina. Malaking halaga iyon at tiyak na may sobra kapag naipaayos na niya ang kotse. Marahil ay sinadya nito ang bagay na iyon at hindi niya alam kung dapat niyang ibalik ang tseke.

“Here’s your cell phone.” Ibinaba ni Alvin ang telepono ni Harold sa desk nito sa opisina kinabukasan.

Nakaupo sa swivel chair ang lalaki na katatapos lamang makipag-usap kay Charmaine sa telepono. “How did you get hold of it?” takang tanong nito.

“Younger sister ni Marlon ang nakakuha at ibinalik niya sa akin nang bisitahin ko siya,” sagot niya bago sumandal sa sofa at itinaas ang mga paa sa center table.

“Really?” malawak ang ngiti na sabi nito. “The one with a lovely voice. Is she beautiful, Alvin?”

“Please, Harold, pati ba naman ang kapatid ni Marlon ay pag-iinteres mo pa?” kunot-noong

tanong niya.

“Well, malaki na ang pagkakautang sa akin ni Marlon,” napangising sagot nito. “The resthouse is not enough para makabayad siya sa akin. Baka sakaling matipuhan ko ang kapatid niya at puwede niya itong gawing pambayad-utang.” Lumawak lalo ang pagkakangiti nito.

“You’re sick!” malakas na akusa niya sa kasosyo, sabay tayo. “Mayaman ka na para gipitin mo pa si Marlon at ang pamilya niya.”

“Hindi mo kilala kung sino ang ipinagtatanggol mo, Alvin,” mahinahong saad nito. “Mayabang si Marlon. Nang makipaglaro siya sa akin, ang akala niya ay mananalo siya. But sorry to say, hindi siya uubra sa galing ko. Nang maubos ang pera niya, properties ang sumunod niyang ipinampusta.”

“Pero ang pag-interesan ang kapatid niya na wala namang kinalaman sa problema n’yong dalawa ni Marlon?”

“Kung matitipuhan ko lang naman,” nakangising sabi nito. “Kapag hindi, eh, di problema ni Marlon kung saan siya kukuha ng ipambabayad sa akin. Interesado ako sa employment agency niya ngunit tila ayaw niya itong pakawalan. Pero kapag sa

loob ng isang taon ay hindi siya nakabayad sa mga pagkakautang niya, mapipilitan akong kunin pati na ang mansion nila.”

“Malaki na ang panalo mo. Tigilan mo na si Marlon,” giit niya.

“Sa sugal, hindi ako marunong mambalato, Alvin,” mariing sabi ni Harold bago iniangat ang nag-ring na telepono.

Sa una ay katahimikan ang naghahari sa harap ng mahabang dining table habang naghahapunan sina Sophia, Marlon at Vanessa. Pagkaraan ay nagpahid ng table napkin ang lalaki bago bumaling sa nakababatang kapatid. “Nanggaling pala dito kanina si Alvin?” tanong nito.

Nanatiling tahimik si Sophia.

“Magandang lalaki na, mayaman pa,” sabad ni Vanessa.

“At bagay siya kay Sophia, Ate,” nakangising dugtong ni Marlon.

Matatalim na tingin ang ipinukol niya sa kapatid.

“Don’t look at me like that, Sister,” sabi ng lalaki.

Ganito Ako Magmahal - Niña Cancila

“Alam mo, I hope na magkagusto sa 'yo si Alvin,” prangkang pagpapatuloy nito. “Hindi ka magugutom kapag ang mayamang iyon ang napangasawa mo at hindi ang pobreng si Eugene.”

“Gusto mo lang akong gamitin para sa kapakanan mo,” inis na paratang niya. “Kasi, kapag nga naman nakabingwit ako ng matabang isda, kayo ang unang makikinabang. Ikaw, Ate, kahit hindi ka na magtrabaho at magbabad ka na lamang sa association mo. At ikaw, Marlon, sa casino at sa mga babae mo. Puwes, hindi ko gustong magpagamit sa inyo.” Tuluyan na siyang nawalan ng gana at iniwan ang mga ito sa mesa.